



Ang Iyong Impormasyon.

Ang iyong mga Karapatan.

Ang Aming mga Responsibilidad.

Ang abisong ito ay nagpapaliwanag kung paano maaaring gamitin at isisiwalat ang impormasyong tungkol sa iyo at kung paano ka makakakuha ng akses sa impormasyong ito.

Mangyaring repasuhin ito nang mabuti.

Ang Iyong mga Karapatan

May mga partikular na karapatan ka hinggil sa impormasyon sa iyong kalusugan.

Ipinapaliwanag ng seksiyong ito ang iyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para tulungan ka.

Kumuha ng kopya ng iyong mga rekord sa kalusugan at mga paghahabol

- Maaari kang humiling na makita o makakuha ng kopya ng iyong mga rekord sa kalusugan at mga paghahabol. Tanungin kami kung paano ito gagawin.
- Magbibigay kami ng kopya o buod ng iyong mga rekord sa kalusugan at mga paghahabol, na karaniwang sa loob ng 30 araw ng iyong kahilingan. Maaari kaming magsingil ng isang makatwiran at batay-sa-gastos na kabayaran.

Humiling sa amin na iwasto ang mga rekord sa kalusugan at mga paghahabol.

- Maaari kang humiling sa amin na iwasto ang iyong mga rekord sa kalusugan at mga paghahabol kung sa tingin mo sila ang mali o hindi kumpleto. Tanungin kami kung paano ito gagawin.
- Maaari kaming magsabi ng “hindi” sa iyong kahilingan, pero sasabihin namin kung bakit sa pamamagitan ng isang sulat sa loob ng 60 araw.

ipinagpatuloy sa susunod na pahina

Ang Iyong mga Karapatan *ay ipinagpapatuloy*

Humiling ng mga kompidensiyal na komunikasyon

- Maaari kang humiling sa amin na kontakin ka sa isang partikular na paraan (halimbawa, telepono sa tahanan o opisina) o padalhan ka ng sulat sa ibang address.
- Isasaalang-alang namin ang lahat ng mga makatwirang kahilingan, at kailangan naming magsabi ng “oo” kung sasabihin mo sa amin na mapanganib kung hindi namin gagawin ito.

Humiling sa amin na limitahan kung ano ang aming gagamitin o ibabahagi

- Maaari mong hilingin sa amin na hindi gamitin o ibahagi ang partikular na impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbayad, o sa aming mga pamamalakad.
- Hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan, at maaari naming sabihin na “hindi” kung makaka-apekto ito sa iyong pangangalaga.

Kumuha ng listahan ng sinumang binahagian namin ng impormasyon

- Maaari kang humiling ng isang listahan (accounting) ng mga panahon ng ibinahagi namin ang impormasyon sa iyong kalusugan para sa anim na taon bago ang petsa na iyong hiniling, kung sino ang binahagian namin, at kung bakit.
- Isasama namin ang lahat ng mga pagsisiwalat maliban na lang ang iyong tungkol sa paggamot, kabayaran, at mga pamamalakad sa pangangalaga ng kalusugan, at ilan pang mga partikular na pagsisiwalat (katulad ng alinmang hiniling mo sa aming gawin namin). Magbibigay kami ng isang accounting bawat taon nang libre pero sisingil kami ng isang makatwiran at batay-sa-gastos na kabayaran kung hihiling ka ng isa pa sa loob ng 12 buwan.

Kumuha ng kopya nitong abiso sa pagkapribado

- Maaari kang humiling ng isang kopyang papel ng abisong ito sa anumang oras, kahit na sumang-ayon kang tanggapin ang abisong ito sa elektronikong paraan. Maagap kaming magbibigay sa iyo ng kopyang papel.

Pumili ng isang tao na kikilos para sa iyo

- Kung nagbigay ka sa isang tao ng medikal na kapangyarihan ng abogado (medical power of attorney) o kung ang isang tao ay iyong legal na tagapag-alaga, maaaring ipatupad ng taong ito ang iyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpipili tungkol sa impormasyon sa iyong kalusugan.
- Sisiguraduhin naming ang taong ito ay may awtoridad at maaaring kumilos para sa iyo bago kami magsasagawa ng anumang aksiyon.

Mag-file ng reklamo kung sa tingin mo linabag ang iyong mga karapatan.

- Maaari kang magreklamo kung sa tingin mo na linabag namin ang iyong mga karapatan sa pamamagitan sa pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa pahina 1.
- Maaari kang mag-file ng reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawag sa 1-877-696-6775, o pagbisita sa www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/.
- Hindi kami maghihiganti sa iyo sa pag-file mo ng isang reklamo.

Ang iyong mga napagpipilian

Para sa partikular na impormasyon sa kalusugan, maaari mong sabihin sa amin ang iyong mga napagpipilian tungkol sa kung ano ang aming ibabahagi. Kung may malinaw kang kagustuhan sa kung paano namin ibabahagi ang iyong impormasyon sa mga sitwasyon na inilalarawan sa ibaba, makipag-usap sa amin. Sabihin sa amin kung ano ang gusto mong gawin namin, at susundin namin ang iyong mga tagubilin.

Sa mga kasong ito, mayroon kang kapwa karapatan at makakapili ka na:

- Ibahagi ang impormasyon sa iyong pamilya, mga malalapit na kaibigan o iba pang sangkot sa pagbabayad ng iyong pangangalaga
- Ibahagi ang impormasyon sa isang sitwasyong pagtugon sa isang sakuna
- Kontakin kayo para mga pagsisikap na mangalap ng pondo (fundraising)

Kung hindi mo masasabi sa amin ang iyong kagustuhan, halimbawa kung wala kang malay, maaaring kaming magpatuloy at ibahagi ang iyong impormasyon kung naniniwala kaming ito ay para sa iyong kabutihan. Maaari rin naming ibahagi ang iyong impormasyon kung kinakailangan upang mabawasan ang isang malubha at napipintong banta sa iyong kalusugan o kaligtasan.

Sa mga kasong ito, hindi namin kailanman ibabahagi ang iyong impormasyon maliban na lang kung magbibigay ka sa amin ng nakasulat na pahintulot:

- Mga layuning pagmamarket
- Pagbenta ng iyong impormasyon

Ang Aming Mga Paggamit at Mga Pagsisiwalat

Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang impormasyon sa iyong kalusugan? Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang impormasyon sa iyong kalusugan sa sumusunod na mga paraan.

Tulongang pangasiwaan ang paggamot sa pangangalaga ng kalusugan na iyong tinatanggap

- Magagamit namin ang impormasyon sa iyong kalusugan at ibahagi ito sa mga propesyonal na gumagamot sa iyo.

Halimbawa: Nagpapadala ang isang doktor sa amin ng impormasyon tungkol sa iyong diagnosis at plano sa paggamot upang makakapagsasa-ayos kami ng karagdang mga serbisyo..

Patakbuhan ang aming organisasyon

- Magagamit at maisisiwalat namin ang iyong impormasyon upang patakbuhan ang aming organisasyon at kontakin ka kung kinakailangan.
- **Hindi kami pinapahintulatang gumamit ng impormasyong genetic upang magpasya kung bibigyan ka namin ng pagsasaklaw (coverage) at sa presyo ng pagsasaklaw na iyon.** Hindi ito naaangkop para sa mga plano para sa pangmatagalang pangangalaga.

Halimbawa: Gumagamit kami ng impormasyong pangkalusugan na hinggil sa iyo upang bumuo ng mas mabuting serbisyo para sa iyo.

ipinagpatuloy sa susunod na pahina

Magbayad para sa iyong mga serbisyong pangkalusugan

- Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong impormasyon sa kalusugan habang binabayaran namin ang mga serbisyo para sa iyong kalusugan.

Halimbawa: Ibinabahagi namin ang impormasyong tungkol sa iyo sa iyong plano sa pangangalaga ng ngipin (dental plan) upang i-coordinate ang pagbabayad sa mga trabaho sa iyong ngipin.

Pangasiwaan ang iyong plano

- Maaari naming isiwalat ang impormasyon sa iyong kalusugan sa iyong isponsor sa plano sa kalusugan (health plan) para sa pangangasiwa ng plano.

Halimbawa: Magkokontrata ang iyong kompanya sa amin upang maglaan ng isang plano sa kalusugan, at nagbibigay kami sa kompanya ng mga partikular na estatistika upang ipaliwanag ang mga premyum na sinisingil namin.

Paano pa namin magagamit o maibabahagi ang impormasyon sa iyong kalusugan?

Pinapahintulutan o inatasan kaming magbahagi ng iyong impormasyon sa iba pang mga paraan – karaniwang sa mga paraang makakaambag sa kabutihan ng publiko, katulad ng kalusugan ng publiko at pananaliksik. Kailangan naming tumugon sa maraming mga kondisyon sa batas bago kami makakabahagi ng iyong impormasyon para sa mga ganitong layunin. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang:

www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html.

Tulong sa kalusugan ng publiko at mga isyu sa kaligtasan

- Makakabahagi kami ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan para sa mga partikular na sitwasyon katulad ng:
 - Pag-iwas sa sakit
 - Pagtulong sa mga pagre-recall ng produkto
 - Pag-uulat sa mga hindi kanais-nais ng reaksiyon sa mga medikasyon
 - Pag-ulat ng pinaghihinalaang abuso, kapabayaan, o karahasan sa tahanan (domestic violence)
 - Paghahadlang o pagbabawas sa malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman
-

Magsagawa ng pananaliksik

- Magagamit o maibabahagi namin ang iyong impormasyon para sa pananaliksik sa kalusugan.
-

Sumunod sa batas

- Ibahahagi namin ang impormasyong tungkol sa iyo kung inaatas ito ng batas na pang-estado at pampederal, kabilang na sa Department of Health and Human Services kung nais nito.
-

Tumugon sa mga kahilingan ng donasyon ng organ o tissue at magtrabaho kasama ng isang medical examiner o direktor ng punerarya

- Maaari naming ibahagi ang impormasyong pangkalusugan na tungkol sa iyo sa mga organisasyong kumukuha ng organ (organ procurement organization).
 - Maaari naming ibahagi ang impormasyong pangkalusugan sa isang coroner, medical examiner, o direktor ng punerarya kapag namatay ang isang tao.
-

ipinagpatuloy sa susunod na pahina

Tumugon sa mga kahilingan hinggil sa pagsusuweldo sa mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan

- Magagamit o maibabahagi namin ang impormasyong pangkalusugan na tungkol sa iyo:
 - Para sa mga paghahabol sa pagsusuweldo ng manggagawa
 - Para sa mga layunin sa pagpapatupad ng batas o kasama ng isang tagapagpapatupad ng batas
 - Kasama ng mga ahensiya sa pangangasiwa ng kalusugan para sa mga aktibidad na awtorisado ng batas
 - Para sa mga espesyal na tungkulin ng pamahalaan katulad ng pangmilitar, seguridad ng bansa, at mga serbisyo sa pagprotekta ng pangulo

Pagtugon sa mga habla at mga legal na aksiyon

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan na tungkol sa iyo bilang pagsagot sa isang utos ng hukuman o isang administratibong utos, o sa pagtugon sa isang subpoena.

Pagsagawa ng outreach, pagpapatala (enrollment), koordinasyon ng pangangalaga at pamamahala ng kaso

- Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa iba pang mga programa sa benepisyo ng pamahalaan katulad ng Covered California para sa mga kadahilanang katulad ng outreach, pagpapatala (enrollment), koordinasyon ng pangangalaga at pamamahala ng kaso.

Mag-apela sa desisyon ng DHCS

- Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon kung ikaw o ang iyong tagapagbigay ng pangangalaga ay mag-aapela sa desisyon ng DHCS tungkol sa iyong pangangalaga ng kalusugan.

Mag-apply para sa ganap na sakop na Medi-Cal (full scope Medi-Cal)

- Kung nag-aapply ka para sa mga benepisyo ng ganap na sakop na Medi-Cal, kailangan naming suriin ang iyong katayuang pang-imigrasyon sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS)

Sumali sa isang plano sa pinangangasiwaang pangangalaga (managed care plan)

- Kung sumasali ka sa isang bagong plano sa pinangangasiwaang pangangalaga, maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa planong iyon para sa mga dahilang katulad ng koordinasyon ng pangangalaga at upang masigurong makukuha mo ang mga serbisyo sa tamang oras.

Mangasiwa sa aming mga programa

- Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa aming mga kontratista at mga ahente na tumutulong sa aming pangasiwaan ang aming mga programa.

Sumunod sa mga espesyal na batas

- May mga espesyal na batas na nagpoprotekta sa ilang uri ng mga impormasyong pangkalusugan katulad ng mga serbisyo sa kalusugan ng kaisipan, paggamot ng mga karamdaman sa paggamit ng droga (substance use disorder), at pagsusuri at paggamot ng HIV/AIDS. Susundin namin ang mga batas na ito kung sila ay mas mahigpit kaysa sa abisong ito.

Hindi namin kailanman imarket o ibebenta ang iyong personal na impormasyon.

Ang Aming mga Responsibilidad

- Inuutusan kami ng batas na panatilihin ang pagkapribado at seguridad ng iyong pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan.
- Ipagbibigay-alam namin sa iyo kaagad kung mangyayari ang hindi pagtutupad (breach) na maaaring magkompromiso sa pagkapribado o seguridad ng iyong impormasyon.
- Kailangan naming sundin ang mga katungkulan at mga gawi sa pagkapribado na inilarawan sa abisong ito at bigyan ka ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang iyong impormasyon bukod sa inilarawan dito, maliban na lang kung sasabihin mo sa amin sa isang sulat na maaari naming gawin ito. Kung sasabihin mo sa amin na maaari naming gawin ito, maaari mong baguhin ang iyong pag-iisip sa anumang oras. Ipagbigay-alam sa amin sa pamamagitan ng sulat kung nagbago ang iyong isip.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang:

www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html.

Mga Pagbabago sa mga Tadhana ng Abisong ito

Maaari naming baguhin ang mga tadhana ng abisong ito, at ang mga pagbabago ay naaangkop para sa lahat ng impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo. Maaaring makuha ang isang bagong abiso kapag hiniling mo ito, sa aming web site, at ipapadala namin sa koreo ang isang kopya sa iyo.

Petsa ng Pagka-epektibo: Setyembre 23, 2013

Ang Abiso sa mga Gawi sa Pagkapribado ay naaangkop para sa mga sumusunod na organisasyon.

- Ang abisong ito ay naaangkop para sa lahat ng mga programa ng DHCS, kabilang na ang Medi-Cal. Para sa buong listahan ng mga programang kasalukuyang pinapatakbo ng DHCS, mangyaring bisitahin ang aming website sa www.dhcs.ca.gov/services.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Mangyaring kontakin kami upang humiling ng kopya ng abisong ito sa iba pang mga wika o upang makakuha ng kopya sa iba pang format, katulad ng malalaking titik o Braille.

Walang buong kopya ng iyong mga medikal na rekord ang DHCS. Kung gusto mong tingnan, kumuha ng kopya ng, o baguhin ang iyong mga medikal na rekord, mangyaring kontakin muna ang iyong doktor, dentista, o plano sa kalusugan.



**Opisyal sa Pagkapribado
(Privacy Officer) ng DHCS**

P.O. Box 997413 MS 4721
Sacramento, CA 95899-7413

Telepono: (866) 866-0602 Opsyon 1, o (877) 735-2929 TTY/TDD

Fax: (916) 327-4556

Email: privacyofficer@dhcs.ca.gov